



ILANG IMPORMASYON SA

Pampamilyang Saklaw para sa Ngipin

May karapatan ka sa abot-kayang pangangalang pangkalusugan.

Ang NY State of Health ay ang opisyal na Marketplace ng plan sa kalusugan ng New York.

Magpatala ngayon.



Online sa
nystateofhealth.ny.gov



Sa pamamagitan ng telepono sa
1-855-355-5777
TTY
1-800-662-1220



Bumisita sa isang Personal na Tagatulong (In-Person Assistor) sa
info.nystateofhealth.ny.gov/findassistor

Sumusunod ang NY State of Health sa mga naaangkop na Pederal na batas sa mga karapatang sibil at batas ng estado, at hindi ito nandiskrimina batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, pananampalataya/relihiyon, kasarian, edad, katayuan ng pagpapakasal/pamilya, rekord ng pagkakaaresto, (mga) kriminal na pagkakahatol, kinikilalang kasarian, sekswal na oryentasyon, mga katangiang henetiko na nagpapataas ng pagkakataong magkaroon ng mga partikular na sakit, katayuan sa militar, katayuan ng pagiging biktima ng karahasang pantahanan at/o paghihiganti.

Ang pangangalaga sa ngipin ay isang mahalagang bahagi ng pangkalahatang kalusugan at kabutihan ng katawan.

Ngunit mayroong mga bagay na dapat isaalang-alang **bago ka magpatala sa isang plan para sa ngipin.**

1 May kasama bang mga pampamilyang benepisyo para sa ngipin ang aking Qualified Health Plan (QHP)?

- Kung kailangan mo ng isang plan para sa ngipin na sinasaklaw ang mga nasa hustong gulang/matanda bilang karagdagan sa mga bata, maaari kang:
 - Maghanap ng mga QHP sa iyong county na may kasamang mga pampamilyang benepisyo para sa ngipin sa pamamagitan ng paggamit ng Dental Plan Comparison Tool sa website ng Marketplace sa: <https://info.nystateofhealth.ny.gov/resource/dental-plan-comparison-tool>; o
 - Mamili ng isang independiyenteng pampamilyang plan para sa ngipin na nasa labas ng iyong QHP.¹
- Para sa plan para sa ngipin na sinasaklaw lamang ang mga bata, maaari kang kumuha ng mga benepisyo para sa ngipin ng bata sa pamamagitan ng iyong QHP o mula sa isang independiyenteng plan para sa ngipin ng bata.²

2 Ano ang sinasaklaw ng isang pampamilyang plan para sa ngipin?

- Mayroong dalawang magkaibang antas na saklaw ang mga pampamilyang plan para sa ngipin:
 - Mga benepisyo para sa ngipin ng bata
 - Mga benepisyo para sa ngipin ng nasa hustong gulang/matanda
- Binubuo ang mga benepisyo para sa bata ng apat na pangunahing kategorya:
 - Pang-iwas/Karaniwan
 - Pangrutina o Regular
 - Pangunahin
 - Orthodontia
- Maaaring kasama ang ilan o lahat sa apat na kategoryang ito ng benepisyo sa mga benepisyo para sa nasa hustong gulang/matanda.

¹ Dapat ay nakapagpatala ka sa isang Qualified Health Plan (QHP) upang makapagpatala ka sa isang independiyenteng plan para sa ngipin.

² Para sa higit na impormasyon sa mga benepisyo para sa ngipin ng bata, tingnan ang *Fact Sheet ng NY State of Health Pediatric Dental Coverage*.

ILANG IMPORMASYON SA

Pampamilyang Saklaw para sa Ngipin

3 Anong mga serbisyo ang kasama bilang mga pampamilyang benepisyo para sa ngipin?

Kategorya ng Serbisyo	Halimbawa ng Serbisyo	Sinasaklaw ang Mga Bata?	Sinasaklaw ang Nasa Hustong Gulang/Matanda?
Pang-iwas/ Karaniwan	Mga paglinis, fluoride at panselyo (sealant)	Palagi	Sa karamihan ng mga kaso, nag-iiba-iba ayon sa plan
Pangrutina o Regular	Mga eksamen, X-ray, simple filling at pagbunot	Palagi	Sa ilang kaso, nag-iiba-iba ayon sa plan
Pangunahin	Operasyon sa ngipin/bibig, mga crown, pustiso, bridge, at root canal	Palagi	Sa ilang kaso, nag-iiba-iba ayon sa plan
Orthodontia	Braces para makatulong sa pagtuwid ng mga ngipin	Palagi	Sa ilang kaso, nag-iiba-iba ayon sa plan

- Maaaring malaki ang pagkakaiba-iba ng mga gastos mula sa sariling bulsa sa mga serbisyo para sa ngipin na ito ayon sa plan. Dapat kang pumili ng plan na may kasamang mga serbisyo na sa iyong palagay ay maaaring kailanganin ng iyong pamilya.

4 Magkano ang gagastusin para sa pampamilyang saklaw para sa ngipin?

- Mayroong takdang gastos (fixed cost) para sa bawat plan para sa ngipin. Maaaring kasama sa mga ito ang mga halaga ng premium, deductible, pinakamataas na gastos mula sa sariling bulsa, at pinakamataas na taunang benepisyo. Iba-iba ang mga gastos na ito ayon sa plan para sa ngipin.
- Bilang karagdagan sa mga takdang gastos, mayroong mga kinakailangan sa magkasalong gastos (cost-sharing) na nag-iiba-iba rin ayon sa plan. Nakadepende ang mga kinakailangan sa magkasalong gastos sa kategorya ng serbisyo at kung bata o matanda ang tatanggap ng serbisyo.
 - **Ang mga benepisyo para sa ngipin ng bata** ay mayroong limitasyon ng pinakamataas na taunang gastos mula sa sariling bulsa sa halagang \$350 sa bawat bata o \$700 sa bawat pamilya. Ito ang pinakamataas na *iyong* babayaran sa panahon ng anumang nakatakdang taon ng saklaw. Walang cap (limitasyon) sa serbisyo o oras ng paghihintay para sa mga benepisyo para sa bata.
 - **Ang mga benepisyo para sa ngipin ng matanda** ay kadalasang walang limitasyon ng pinakamataas na gastos mula sa sariling bulsa. Ngunit, maaaring mayroong taunang limitasyon sa benepisyo. Ito ang pinakamataas na babayaran ng *iyong plan* sa panahon ng taon ng saklaw. Responsibilidad mo ang anumang mga gastusin para sa ngipin ng matanda na lalampas sa pinakamataas na halagang ito. Bilang karagdagan, maaaring mayroong mga oras ng paghihintay para sa ilang serbisyo.³

5 Paano ako makakahanap ng plan para sa ngipin na angkop para sa atin at aking pamilya?

- Makakatulong sa iyo ang Dental Plan Comparison Tool ng NYSOH na maikumpara ang mga gastos at benepisyo ng iba't ibang plan para sa ngipin.⁴ Maaari itong makita sa website ng Marketplace sa: <https://info.nystateofhealth.ny.gov/resource/dental-plan-comparison-tool>
- Ang website ng Marketplace ay mayroon ding NYS Provider & Health Plan Look Up Tool, na magpapakita sa iyo ng isang listahan ng mga provider sa ngipin na lumalahok sa bawat plan. Maaari itong mahanap sa: <https://pndslookup.health.ny.gov/>

³ Nakasulat ang "WP" sa mga plan na nakalista sa shopping tool ng website ng Marketplace kung mayroong "waiting period" o oras ng paghihintay para sa anumang mga sinasaklaw na serbisyo.

⁴ Kapag nagsasaliksik ng mga plan para sa ngipin, tiyaking tumitingin sa impormasyon ng benepisyo para sa nasa hustong gulang/matanda para sa mga miyembro ng sambayanan na nasa hustong gulang/matanda, at hindi sa impormasyon sa benepisyo para sa bata.

Si usted habla un idioma diferente al inglés, los servicios de asistencia de idioma están disponibles gratis para usted. Llame al 1-855-355-5777 (TTY: 1-800-662-1220).

如果您使用的語言不是英語，您可以使用我們的免費語言支援服務。請致電 1-855-355-5777 (TTY: 1-800-662-1220)